

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Mga sagot sa Pagtukoy ng uri ng pang-abay

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **PR** kung ang pang-abay o pariralang pang-abay na may salungguhit ay *pang-abay na pamaraan*, **PN** kung ito ay *pang-abay na pamanahon*, o **PL** kung ito ay *pang-abay na panlunan*.

1. **PN** Sina Samuel at Sofia ay nakatanggap ng imbistasyon mula kay Jessica kahapon.
2. **PN** Ipagdiriwang ang kaarawan ni Jessica sa darating na Sabado.
3. **PR** Pagkatapos nilang magpaalam sa kanilang magulang, agad nilang tinawagan si Jessica.
4. **PR** Malugod na tinanggap nila ang imbitasyon ni Jessica.
5. **PR** Pinag-isipan nang mabuti ng magkapatid kung ano ang ibibigay nilang regalo.
6. **PR** Naalala nila na mahusay magguhit si Jessica.
7. **PN** “Madalas din siyang nagbabasa,” banggit ni Sofia.
8. **PL** “Oo nga. Maraming beses ko siyang nakita sa loob ng silid-aklatan,” dagdag ni Samuel.
9. **PN** “Pumunta tayo sa *book store* samakalawa para makabili tayo ng regalo,” mungkahi ni Sofia.
10. **PN** Nagising nang maaga ang magkapatid na sina Samuel at Sofia.
11. **PN** Dadalo sila sa pagdiriwang ng kaarawan ni Jessica mamayang hapon.
12. **PL** Gaganapin ang pagdiriwang sa Jollibee.
13. **PR** Maayos na binalot ng magkapatid ang kanilang regalo.
14. **PN** Inihanda nila ang kanilang mga kasuotan bago sila naligo.
15. **PL** Hinihintay sila ni Mang Rudy sa tabi ng van.
16. **PR** Masayang nakipaglaro ang dalawa sa ibang mga bisita.
17. **PR** Ang mga bata ay magiliw na kumanta para kay Jessica.
18. **PR** Taos-pusong nagpasalamat ang magkapatid kay Jessica.
19. **PN** Susunduin ni Mang Rudy ang magkapatid pagkatapos ng pagdiriwang.
20. **PL** Nakita nila na nakatayo sa labas ng pinto si Mang Rudy.